(タガログ語版)

# Panlipunang Insurance para sa Lahat!!

## Para magsimula, ano ba talaga ang social insurance?

◆ <u>Mangyayari sa iyo ang mga peligro</u> habang ikaw ay nabubuhay.

Pagkakasakit





Pinsala



Pagtanda



Kapansanan

◆ Ang mga peligro ay <u>napakahirap hulaan para sa mga indibidwal</u>. Walang sinumang nakasisiguro kung sila ay magkakasakit o mapipinsala o kaya'y kung kailan ito mangyayari, gaano katagal sila mabubuhay, o kung magkakaroon ba sila ng kapansanan.

◆ Bilang karagdagan, may ilang panlipunan at ekonomikong sitwasyong imposibleng hulaan. May limitasyon ang indibidwal para makapaghanda sa lahat ng ito, at ang **panlipunang insurance** ay <u>isang paraan para suportahan at tulungan ang isa't isa bilang isang buong lipunan.</u>

## Pampublikong insurance pangkalusugan at insurance pampensyon

◆ <u>Sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga kontribusyon</u> sa sistema ng panlipunang insurance, <u>makatatanggap ka ng mga benepisyo kung sakaling magkaroon ka ng aktwal na hindi inaasahang paghihirap</u>.

◆ Halimbawa:

- Kapag ikaw ay magkasakit o mapinsala, sa pamamagitan ng **insurance pangkalusugan** ay maaari kang <u>makatanggap ng mga serbisyong medikal sa mababang presyo sa alinmang medikal na institusyon.</u>
- Kung magkaroon ka ng kapansanan o tumanda at umabot sa isang partikular na edad, sa pamamagitan ng **insurance pampensyon** ay regular kang makatatanggap ng mga benepisyong pensyon.

Ang panlipunang insurance ay isang unibersal na sistema, at bilang pangkalahatang patakaran, dapat mag-enroll dito ang sinumang nakatira sa Japan, <u>Japanese man o hindi, **anuman ang nasyonalidad**</u>.

ひと、くらし、みらいのために
厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare

日本年金機構
Japan Pension Service